Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION
*Para sa taumBAYAN*

Patalastas Bilang 10, s. 2016

# PATALASTAS

**PARA SA :** **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA :** **Pambansang Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino**

Kaugnay ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, idaraos ang **Pambansang Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino** sa **3-5 Agosto 2016** sa **Teachers Camp, Lungsod ng Baguio**. Ito ay itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Baguio.

Magkakaroon ng siyam na tagapanayam na tatalakay sa mga suliraning pangwika at kasalukuyang sitwasyong pangwika sa mga sektor ng lipunang Filipino na nakaaapekto sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Ang layunin ng kongreso ay ang sumusunod:

a. Mailatag ang kahalagahan ng pagpaplanong wika sa iba't ibang larangan;

b. Mapalawak ang paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan at mapalakas ang wika;

c. Mataya ang pag-unlad ng Filipino sa mga tinutukoy na larangan;

d. Makabuo ng glosaryo ng mga katawagang teknikal ang mga kagamitang panturo sa teknikal na pagsasalin hango sa mga karanasan ng mga tagapanayam;

e. Makapagpamalas ng mataas na modelo ng pagsasagawa/paghahanda ng kagamitang panturo.

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa nasabing programa.

Ang kaukulang butaw ng mga dadalo ay **dalawang libo at limandaang piso (Php2,500)** para sa seminar kit at pagkain ( 3 tanghalian at 6 na meryenda), maliban sa akomodasyon.



CSC Building, IBP Road, Constitution Hills, 1126 Quezon City • 931-7935/931-7939/931-8092 • cscphil@webmail.csc.gov.ph • www.csc.gov.ph

Para sa karagdagang detalye o impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Sandor B. Abad** sa teleponong selular bilang 0908-6978491 o telepono bilang 736-2525 loc. 107 o mag-email sa sandorabad@gmail.com.

**ALICIA dela-ROSA BALA**
*Chairperson*

0 9 FEB 2016